**International Journal of Research Studies in Education**
2026 Volume 15 Number 8, 51-63




# Diskurso at kasarian sa panitikang Filipino

Adigue, Andrea Padre ✉
*Nueva Ecija University of Science and Technology, Cabanatuan City, Philippines (andreaa@ineust.ph.education)*

Sumili, Charlie Job Debuayan
*City College of Cagayan De Oro, Philippines (sumilicj@gmail.com)*

ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

**Received**: 20 March 2026 **Revised**: 31 March 2026 **Accepted**: 2 April 2026
**Available Online**: 3 April 2026 **DOI**: 10.5861/ijrse.2026.26115

OPEN ACCESS

***Abstract***

This study examines the semantic evolution of terms used to describe women in Filipino literature, tracing the shift from the traditional “dalaga” to the contemporary “Marites” through the lens of feminist stylistics. It aims to analyze how meanings and applications of these terms have transformed across Philippine history, identify the historical, cultural, and social factors that shaped their development, and evaluate the implications of these changes for the representation and identity of Filipino women. Employing a qualitative design with a descriptive-analytical approach, the research examined selected literary texts from three major periods: the Colonial Era, the Transitional Period, and the Digital Era. Works analyzed include Nick Joaquin’s The Summer Solstice, Lualhati Bautista’s Bata, Bata… Pa’no Ka Ginawa? and contemporary short stories published in online literary journals. Findings reveal that in the Colonial Era, the term “dalaga” carried connotations of chastity and modesty, confining women to domestic roles. During the Transitional Period, depictions became more complex, highlighting women’s agency and decision-making power. In the Digital Era, the emergence of “Marites” reflects a modern form of social discipline imposed on women, particularly those who assert their voices in public spaces. From these observations, the study proposes a “cycle of semantic discipline on women” model, illustrating how each period produces positive terms for women who conform to expectations and negative ones for those who resist them. Ultimately, the study demonstrates that language is not neutral but an ideological construct and a contested site for women’s representation and power.

***Keywords:*** discourse, semantics, gender, Filipino Literature, feminist stylistics

© The Author(s) / Attribution-NonCommercial-NoDerivs CC BY-NC-ND

# Diskurso at kasarian sa panitikang Filipino


## 1. Abstrak

Ang pagsusuring ito ay nakatuon sa semantikong ebolusyon ng mga katawagan sa kababaihan sa panitikang Filipino simula sa tradisyonal na *dalaga* hanggang sa kontemporaryong katawagang *marites gamit ang* lente ng *feminist stylistic analysis*. Nilayon ng pag-aaral na matukoy ang pagbabago sa kahulugan at gamit ng mga katawagang ito sa iba't ibang panahon ng kasaysayan ng Pilipinas, sinuri ang mga salik na historikal, kultural, at panlipunang nakaimpluwensya sa kanilang ebolusyon, at naanalisa ang implikasyon ng mga pagbabagong ito sa representasyon at identidad ng kababaihang Pilipino. Gamit ang kwalitatibong disenyo na may lapit na deskriptibo-analitiko, sinuri ang mga piling akdang pampanitikan mula sa tatlong pangunahing panahon: Panahong kolonyal (1900-1960), Panahong transisyonal (1980-2010), at Panahong digital (2010-kasalukuyan). Kabilang sa mga sinuring akda ang "*The Summer Solstice*" ni Nick Joaquin, "Bata, Bata… Pa'no Ka Ginawa?" ni Lualhati Bautista, at mga kontemporaneong maikling kuwento mula sa online na literary journals. Natuklasan sa pagsusuri na sa panahong kolonyal, ang *dalaga* ay nagtataglay ng konotasyong kadalisayan at kahinhinan na naglilimita sa babae sa domestikong espasyo. Sa panahong transisyonal, lumitaw ang mas komplikadong representasyon ng kababaihan na may kakayahang magpasiya para sa sarili. Sa panahong digital, ang paglitaw ng *Marites* ay nagpapakita ng kontemporaryong anyo ng panlipunang pagdidisiplina sa kababaihan, partikular sa mga may boses sa pampublikong espasyo. Nabuo ang isang modelong tinawag na "siklo ng semantikong pagdidisiplina sa kababaihan" na nagpapakita kung paano sa bawat panahon ay may positibong katawagan para sa babaeng sumusunod sa inaasahan at negatibong katawagan para sa lumalabag dito. Pinatunayan ng pag-aaral na ang wika ay hindi neutral kundi isang ideolohikal na konstruksyon at lunan ng labanan para sa representasyon at kapangyarihan ng kababaihan.


***Mga Susing Salita***: semantikong ebolusyon; feminist stylistics; dalaga; marites; panitikang Filipino

## 2. Introduksyon

Ang wika at panitikan ay hindi lamang daluyan ng estetika kundi salamin ng panlipunang kamalayan at ideolohiya. Sa tradisyon ng kritikang pampanitikan at sosyolingguwistika, matagal nang kinikilala na ang wika ay hindi neutral; ito ay isang ideolohikal na konstruksyon na nagtataglay at nagpapatibay ng umiiral na estruktura ng kapangyarihan, partikular ang patriyarkal na ideolohiya (Fairclough, 2013; Woolard & Schieffelin, 1994). Sa ganitong balangkas, ang representasyon ng kababaihan sa panitikang Filipino ay madalas na nakapaloob sa tradisyonal na mga papel bilang ina, asawa, o musa—mga imaheng hinubog ng kolonyal na karanasan at patriyarkal na kaayusang panlipunan (Roces, 2012; Garcia, 2012).

Sa larangan ng lingguwistika, ang pagsusuri sa wika sa pamamagitan ng feminist stylistics ay nagsisilbing masusing lente upang matuklasan ang nakatagong diskurso ng kasarian. Ayon kay Mills (1995), ang leksikon, gramatika, semantika, at pragmatika ay nagsisilbing kasangkapan sa paglikha ng kahulugan at representasyon ng kababaihan sa teksto. Kaugnay nito, ipinapakita rin sa mga kontemporaryong pag-aaral na ang wika ay aktibong lumilikha ng gendered identities sa pamamagitan ng interaksyon at kontekstong panlipunan (Eckert & McConnell-Ginet, 2013; Lao, 2024). Sa pagsusuri ng mga lingguwistikong yunit gaya ng mga katawagang *dalaga at Marites,* pati na ang paggamit ng metapora at naratibong estruktura, naipapakita kung paanong ang wika ay nagiging daluyan ng pagpapanatili o paghamon sa patriyarkal na ideolohiya. Pinagtitibay ito ng mga pag-aaral sa kontekstong Filipino na nagpapakita na ang wika ay may mahalagang papel sa paghubog ng konsepto ng pagkababae bilang isang historikal at panlipunang konstruksyon (Capuyan et al., 2023; Monteza & Miralles, 2023).

Mahalaga ring isaalang-alang ang intertekstuwalidad at ebolusyong semantiko. Ang kahulugan ng salita ay hindi nananatili sa lahat ng panahon, ito ay nagbabago batay sa kontekstong historikal, kultural, at panlipunan.

Ang katawagang dalaga, na dating may konotasyon ng kahinhinan, pagkabirhen, at pagiging karapat-dapat sa pag-aasawa, ay nagkaroon ng semantikong paglilipat patungo sa kontemporaryong Marites, na nagtataglay ng konotasyon ng tsismis, pakikialam, at digital na penomenon. (Goldberg & Beemyn, 2021). Ang pag-usbong at paglaganap ng Marites ay nagpapakita ng kapangyarihan ng midya at social media sa muling paghubog ng wika at sa panlipunang paghuhusga sa kababaihan (Monteza & Miralles, 2023).

Sa kontekstong empirikal, lumilitaw ang pagbabago sa representasyon ng kababaihan sa panitikan simula sa tradisyonal na imahe patungo sa mas mapaghamon at komplikadong paglalarawan. Gayunman, nananatiling kulang ang mga pag-aaral na nakatuon sa komparatibong semantikong ebolusyon ng mga katawagan sa kababaihan sa iba't ibang yugto ng panitikang Filipino. Ang puwang na ito ang pangunahing tinugunan ng kasalukuyang pananaliksik. Ang masusing pagsusuri sa semantikong ebolusyon ng mga katawagan gaya ng dalaga at marites, upang maipakita ang dinamiko at kritikal na ugnayan ng wika, panitikan, at kasarian sa lipunang Filipino.

Bagama't may mga umiiral nang pag-aaral tungkol sa representasyon ng kababaihan sa panitikang Filipino at sa kritisismong feminista, nananatiling limitado ang pananaliksik na sistematikong sumusuri sa semantikong ebolusyon ng mga tiyak na katawagan sa kababaihan sa paglipas ng panahon. Hindi pa lubusang naiaangat sa antas ng akademikong diskurso ang pagbabago ng kahulugan at gamit ng salitang dalaga na kumakatawan sa tradisyonal at normatibong pagkababae patungo sa makabagong katawagang Marites na kumakatawan sa kontemporaryong paghuhusga sa kababaihan, lalo na sa konteksto ng digital na kultura. Hindi pa malinaw kung paano sinasalamin ng transpormasyong semantikong ito ang pagbabago ng kamalayang panlipunan hinggil sa kababaihan at kung paano ito nakapagpapanatili o nakapaghahamon sa patriyarkal na ideolohiya sa iba't ibang yugto ng kasaysayan ng Pilipinas. Ang pag-aaral na ito ay naglayong punan ang nasabing puwang sa pamamagitan ng kritikal at komparatibong pagsusuri sa mga piling akdang pampanitikan.Teoretikal na Balangkas.

Ginamit sa pagsusuri ang Feminist Stylistics na binuo ni Sara Mills, na inangkop sa kontekstong Pilipino. (Lao, 2024.) Sa ilalim ng balangkas na ito, sinuri ang tatlong pangunahing antas:

1. Leksikal at Semantikong Antas: Pagsusuri sa mga salitang dalaga at marites, kasama ang mga denotasyon, konotasyon, at pagbabago ng kahulugan sa iba't ibang panahon.

2. Sintaktikong Antas: Pagsusuri kung paano ginagamit ang mga salita sa pangungusap, sino ang paksa, sino ang layon, at anong mga deskriptor na ginamit sa kanila.

3. Diskursibong Antas: Pagsusuri sa mas malawak na konteksto ng akda, kasama ang punto-de-bista ng nagkukuwento, ang paggamit ng mga diyalogo, at ang pagpoposisyon sa mambabasa.

***Layunin ng Pag-aaral* -** Nilayon ng pagsusuri na ito na tuklasin ang semantikong ebolusyon ng mga katawagan sa kababaihan mula sa *dalaga* hanggang sa *marites* sa mga piling akdang pampanitikan sa Pilipinas, at tinukoy kung paano sinasalamin ng pagbabagong ito ang mga historikal, kultural, at panlipunang pagbabago sa kamalayan at identidad ng kababaihang Pilipino.

***Paglalahad ng Suliranin***

1. Ano ang mga denotatibo at konotatibong kahulugan ng salitang dalaga sa mga piling akdang pampanitikan mula sa panahong klasiko hanggang sa kalagitnaan ng ika-20 siglo?

2. Ano ang mga denotatibo at konotatibong kahulugan ng salitang marites sa mga piling kontemporaryong akdang pampanitikan at iba pang diskursong popular kung saan ito lumalabas sa panitikan simula sa huling bahagi ng ika-20 siglo hanggang sa kasalukuyan?

3. Paano nagbago ang semantikong katangian ng mga katawagan sa kababaihan mula sa dalaga patungong marites?

4. Ano-anong mga salik na historikal, kultural, at panlipunan ang nakaapekto sa semantikong ebolusyong ito?

5.Sa paanong paraan ginagamit ang mga katawagang ito sa panitikan upang palakasin o hamunin ang umiiral na patriyarkal na ideolohiya at ang inaasahang papel ng kababaihan sa lipunan?

6. Ano ang implikasyon ng semantikong ebolusyon ng salitang dalaga patungo sa salitang marites sa paghubog ng kontemporaryong identidad ng kababaihang Pilipino?

## 3. Pagsusuri sa Literatura

Sa pananaw ng *feminist stylistics*, binigyang-diin ni Mills (1995) na ang pagsusuri sa wika ay dapat nakatuon sa kung paano naipapaloob ang kapangyarihan at ideolohiya sa mga tekstong pampanitikan. Ang ganitong lapit ay umaayon sa *critical discourse analysis* ni Fairclough (2013), kung saan ang wika ay itinuturing na parehong produkto at instrumento ng panlipunang istruktura. Kaugnay nito, ipinapakita ng pag-aaral nina Woolard at Schieffelin (1994) na ang *language ideology* ay mahalagang lente upang maunawaan kung paano nabubuo ang kahulugan batay sa paniniwala at kapangyarihan sa loob ng lipunan. (Woolard & Schieffelin, 1994) Sa ganitong balangkas, ang ebolusyon ng mga katawagan sa kababaihan ay maaaring ituring na manipestasyon ng pagbabago sa ideolohikal na pananaw ng lipunan.

Sa kontekstong diskurso at midya, mahalagang isaalang-alang ang papel ng digital na komunikasyon sa paghubog ng kahulugan. Ayon kina KhosraviNik at Unger (2016), ang *social media* ay nagsisilbing espasyo kung saan ang mga diskurso ay mabilis na nalilikha, naipapakalat, at nababago, na nagreresulta sa mas dinamiko at minsan ay problematikong representasyon ng mga identidad. (KhosraviNik & Unger, 2016) Sa ganitong konteksto, ang terminong *Marites* ay maaaring unawain bilang produkto ng kontemporaryong diskurso na may implikasyon sa stereotyping at gender bias sa digital na kultura.

Sa larangan ng panitikang Filipino, ilang pag-aaral ang tumalakay sa representasyon ng kababaihan bilang espasyo ng dominasyon at resistensiya. Halimbawa, ipinakita ni Garcia (2012) ang pagbabalik ng babaylan bilang simbolo ng kapangyarihan ng kababaihan sa panitikan, habang binigyang-diin nina Fagsao (2019) at Gannaban (2011) ang kahalagahan ng feministang pagbasa sa pagsusuri ng mga tekstong pampanitikan. Dagdag pa rito, ipinakita nina Capuyan et al. (2023) at Solanon et al. (2024) na ang wika sa panitikang Filipino ay patuloy na nakikipag-ugnayan sa mga ideolohiyang panlipunan, partikular sa usapin ng kasarian. Ang mga pag-aaral na ito ay nagpapakita na ang panitikan ay hindi lamang repleksyon ng realidad kundi isang aktibong puwersa sa paghubog ng kamalayang panlipunan.

Gayunpaman, nananatiling limitado ang mga pag-aaral na sistematikong sumusuri sa semantikong ebolusyon ng mga katawagan sa kababaihan sa Filipino, partikular sa ugnayan nito sa kontemporaryong diskurso at digital na kultura. Bagaman may mga pag-aaral tulad nina Mangarin at Bungabong (2024) at Cruz (2024) na tumatalakay sa pagbabago ng representasyon ng kababaihan, kulang pa rin ang integratibong pagsusuri na nag-uugnay sa wika, panitikan, at ideolohiya sa iisang balangkas. Kaugnay nito, mahalagang isaalang-alang ang pananaw ni Sunderland (2004) na ang mga gendered discourses ay patuloy na nagbabago at dapat suriin batay sa konteksto ng paggamit at kapangyarihan. (RED: Sunderland, 2004)

Samakatuwid, ang kasalukuyang pag-aaral ay naglalayong punan ang puwang na ito sa pamamagitan ng pagsusuri sa semantikong ebolusyon ng mga katawagang *dalaga at Marites* gamit ang pinagsamang lente ng *feminist stylistics at critical discourse analysis*. Sa pamamagitan nito, inaasahang makapag-aambag ang pag-aaral sa pagpapalawak ng diskurso hinggil sa ugnayan ng wika, kasarian, at kapangyarihan sa kontekstong Filipino at sa mas malawak na larangan ng pandaigdigang pananaliksik.

## 4. Metodolohiya

Ang kabanatang ito ay naglahad ng sistematikong pamamaraan sa isinagawang pananaliksik na pinamagatang "Semantikong Ebolusyon ng Salitang Dalaga Hanggang Marites: Analisis ng mga Katawagan sa Kababaihan sa mga Akdang Panitikan." Nakapaloob dito ang disenyo ng pananaliksik, corpus ng pag-aaral, instrumento sa

pangangalap ng datos, pamamaraan ng pagsusuri ng datos, at etikal na konsiderasyon.

***Disenyo ng Pananaliksik -*** Ang pag-aaral na ito ay gumamit ng kwalitatibong disenyo ng pananaliksik na may lapit na deskriptibo-analitiko. Ayon kina Fraenkel at Wallen (2006), ang kwalitatibong pananaliksik ay naglayong suriin ang mga penomenong panlipunan at kultural sa natural nitong tagpuan, at bigyang-kahulugan ang mga ito batay sa kahulugang ibinibigay ng mga taong sangkot dito. Sa konteksto ng kasalukuyang pag-aaral, ang disenyong ito ay angkop upang masusing masuri ang semantikong pagbabago ng mga katawagan sa kababaihan—mula sa dalaga hanggang sa Marites—batay sa konteksto ng mga akdang pampanitikan at sa mas malawak na diskursong panlipunan na pumapaligid dito. Ginamit ang historikal-diskursibo (historical-discursive approach) na nagbigay-daan sa pagsusuri ng pagbabago ng wika sa paglipas ng panahon at ang kaugnayan nito sa pagbabagong panlipunan, kultural, at pangkasarian (Fairclough, 2013). Sa lapit na ito, hindi lamang ang teksto ang sinuri kundi pati na rin ang konteksto ng produksyon at resepsyon nito sa iba't ibang panahon ng kasaysayan ng Pilipinas.

Bilang pangunahing teoretikal na lente, ginamit ang feminist stylistic analysis na binuo ni Mills (1995) at inangkop sa kontekstong Pilipino ng mga lokal na iskolar (Fagsao, 2019; Capuyan et al., 2023). Sa ilalim ng balangkas na ito, sinuri ang tatlong pangunahing antas ng wika sa mga piling akdang pampanitikan:

*Leksikal at Semantikong Antas*: Pagsusuri sa mga salitang dalaga at Marites, kasama ang kanilang mga denotasyon, konotasyon, at pagbabago ng kahulugan sa iba't ibang panahon.

*Sintaktikong Antas*: Pagsusuri kung paano ginagamit ang mga salita sa pangungusap—sino ang paksa, sino ang layon, at anong mga deskriptor ang ginagamit sa kanila.

*Diskursibong Antas*: Pagsusuri sa mas malawak na konteksto ng akda, kasama ang punto-de-bista ng nagkukuwento, ang paggamit ng mga diyalogo, at ang pagpoposisyon sa mambabasa.

***Korpus ng Pag-aaral -*** Ang korpus o pangunahing laman ng pagsusuri sa pananaliksik na ito ay binuo ng mga piling akdang pampanitikang Filipino mula sa iba't ibang panahon na naglalaman ng mga katawagang dalaga at marites o mga kaugnay na katawagan sa kababaihan. Ang pagpili ng mga akda ay ginawa sa pamamagitan ng purposive sampling o sadyang pagpili batay sa itinakdang pamantayan (Creswell & Poth, 2018).

***Pamantayan sa Pagpili ng Akda -*** Kaugnayan sa Paksa: Ang akda ay dapat naglalaman ng mga katawagang dalaga at/o marites o mga baryasyon nito bilang mahalagang elemento sa representasyon ng kababaihan.

1. Panahon ng Pagkakasulat. Sinuri ang mga akda mula sa tatlong pangunahing panahon:

- Panahong Klasiko/Kolonyal (1900-1960), kinakatawan ang tradisyonal na gamit ng dalaga
- Panahong Kontemporaryo (1980-2010), kinakatawan ang transisyonal na panahon
- Panahong Digital/Kasalukuyan (2010-kasalukuyan), kinakatawan ang paglitaw at paglaganap ng marites

2. Kahalagahang Pampanitikan. Ang akda ay kinikilala sa larangan ng panitikang Filipino, maaaring nagwagi ng parangal, bahagi ng kanon ng panitikan, o malawakang pinag-aaralan sa akademya.

3. Iba't Ibang Genre. Kasama ang iba't ibang anyo ng panitikan tulad ng maikling kuwento, nobela, at tula upang makita ang pagkakaiba-iba ng gamit ng mga katawagan sa iba't ibang kontekstong pampanitikan.

**Talahanayan 1**

*Listahan ng mga Akda Batay sa Pagsusuri sa Literatura*

| Panahon | Akda | May-akda | Taon | Katawagan |
|---|---|---|---|---|
| Klasiko/Kolonyal | “The Summer Solstice” | Nick Joaquin | 1947/2004 | dalaga, babae |
| Klasiko/Kolonyal | Mga piling maikling kuwento | Estrella D. Alfon | 1950s-1960s | dalaga, babae |
| Transisyonal | “Bata, Bata… Pa'no Ka Ginawa?” | Lualhati Bautista | 1988 | babae, ina |
| Transisyonal | Mga piling kuwento | Kerima Polotan-Tuvera | 1960s-1980s | dalaga, babae |
| Kontemporaryo | Mga piling maikling kuwento (2010-2024) | Iba't ibang may-akda | 2010-2024 | Marites, babae |

Ang talahanayan ay nagpapakita ng mga piling akda mula sa iba't ibang panahon ng panitikang Filipino, na nakabatay sa pagsusuri ng kawagan sa kababaihan.

***Instrumento sa Pangangalap ng Datos -*** Pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos, ginamit ang mga sumusunod:


*Gabay sa Pagsusuri ng Dokumento* - Ang pagsusuri ng dokumento ay nakabatay sa balangkas ng feminist stylistics. Ang gabay na ito ay maglalaman ng mga sumusunod na kategorya:

**Talahanayan 2**
*Gabay sa Pagsusuri ng Dokumento*

| Antas ng Pagsusuri | Mga Elementong Sinuri | Mga Gabay na Tanong |
|---|---|---|
| Leksikal at Semantiko | -Denotasyon ng katawagan<br>- Konotasyon ng katawagan<br>-Pagbuo ng kahulugan | Ano ang literal na kahulugan ng katawagan?<br>Ano ang mga kaugnay na kahulugan nito sa konteksto ng akda?<br>Paano nagbago ang kahulugan nito kumpara sa ibang panahon? |
| Sintaktiko | Posisyon sa pangungusap<br>Mga diskriptor / panuring na ginamit<br>Mga pandiwang kaugnay ng katawagan | Sino o ano ang paksa ng pangungusap?<br>Anong mga salita ang ginamit upang ilarawan ang babaeng tauhan?<br>Anong mga kilos ang iniuugnay sa kanya? |
| Diskurso | - Punto-de-bista ng nagkukuwento<br>- Paggamit ng diyalogo<br>- Konteksto ng akda<br>- Intertekstuwal na ugnayan | Kaninong pananaw ang nangingibabaw sa pagsasalaysay?<br>Paano nag-uusap ang mga tauhan tungkol sa babae? Ano ang kalagayang panlipunan ng akda? |

Ang talahanayan ay naglalahad ng mga antas ng pagsusuri sa dokumento, mula sa leksikal at semantiko hanggang sa diskurso, para sa mas sistematikong pag-unawa sa representasyon ng kababihan sa panitikan.

***Konseptuwal na Balangkas -*** Bilang sintesis ng metodolohiya, ang sumusunod na balangkas ay ginamit na gabay sa pagsusuri ng datos:




**Pigura 1** *Konseptuwal na Balangkas*

***https://copilot.microsoft.com/th/id/BCO.9f1915a3-12df-4cb9-8d51-383f3d1395be.png***

## 5. Resulta ng Pag-aaral

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng mga natuklasan mula sa pagsusuri ng mga piling akdang pampanitikan na sumasaklaw sa tatlong mahahalagang panahon sa kasaysayan ng Pilipinas: Panahong Klasiko/Kolonyal (1900-1960), Panahong Transisyonal (1980-2010), at Panahong Digital/Kasalukuyan (2010-kasalukuyan). Sa pamamagitan ng feminist stylistic analysis, inilahad ang mga pagbabago sa semantikong kahulugan ng mga katawagan sa kababaihan mula sa tradisyonal na dalaga hanggang sa kontemporaryong marites at ang implikasyon ng mga pagbabagong ito sa representasyon ng kababaihan sa panitikang Filipino. Mula sa masusing pagsusuri ng mga piling akda, lumitaw ang tatlong pangunahing tema na nagpapakita ng semantikong ebolusyon ng mga

katawagan sa kababaihan: (1) Ang Dalaga bilang Simbolo ng Puri at Pasibidad, (2) Ang Transisyon tungo sa Ahensiya at Komplikadong Representasyon, at (3) Ang Paglitaw ng marites bilang kontemporaryong Diskurso ng Panlipunang Paghuhusga. Ang mga temang ito ay hindi lamang nagpapakita ng pagbabago sa wika kundi pati na rin sa panlipunang kamalayan hinggil sa kababaihan sa iba't ibang panahon ng kasaysayan ng Pilipinas.

*5.1 Ang Dalaga bilang Simbolo ng Puri at Pasibidad (Panahong Klasiko/Kolonyal, 1900-1960)*

Sa mga akdang pampanitikan mula sa panahong klasiko at kolonyal, ang salitang dalaga ay nagtataglay ng malalim na konotasyong kaugnay ng kadalisayan, kahinhinan, at pagiging karapat-dapat sa pag-aasawa. Batay sa etimolohiya nito, ang dalaga ay nagmula sa Sanskrito na dārikā, tumutukoy sa isang babaeng nasa hustong gulang na ngunit wala pang asawa. Sa kontekstong panlipunan noong panahong ito, ang pagiging dalaga ay hindi lamang katayuang sibil kundi isang estadong moral na dapat pangalagaan at ipagsanggalang.

*5.2 Pagsusuri sa Leksikal at Semantikong Antas*

Sa maikling kuwentong "The Summer Solstice" ni Nick Joaquin (1947/2004), makikita ang tradisyonal na representasyon ng dalaga sa pamamagitan ng karakter ni Lupeng. Bagaman siya ay may asawa na, ang kaniyang pagkababae ay sinusukat batay sa pamantayang kolonyal at patriyarkal na nag-uugat sa konsepto ng dalaga bilang mahinhin at kontrolado ang sekswalidad. Sa isang bahagi ng akda, inilarawan si Lupeng bilang.

> *"She was a woman of breeding, and she knew that a true lady does not give in to base impulses." (Joaquin, 1947/2004)*

Sa Filipino, ang salitang dalaga ay kadalasang ipinares sa mga panuring tulad ng "mahinhin," "mabuti," at "may puri." Ipinakikita nito na sa leksikal na antas, ang katawagan ay may taglay na positibong konotasyon ngunit sa paraang naglilimita sa kilos at papel ng babae sa lipunan. Sa mga piling kuwento ni Estrella D. Alfon, ang mga dalaga ay inilalarawan bilang mga tauhang naghihintay ng mangingibig, naghihintay ng pahintulot ng magulang, naghihintay ng tamang panahon upang mag-asawa.

*5.3 Pagsusuri sa Diskursibong Antas*

Sa mas malawak na diskurso ng panahong kolonyal, ang dalaga ay naging simbolo ng bansang Pilipino mismo dalisay, walang dungis, at dapat ipagsanggalang laban sa mananakop. Gaya ng binanggit ni Gannaban (2011), sa pagsusuri ng mga pananaliksik hinggil sa papel ng kababaihan sa panitikan, ang mga babaeng tauhan ay madalas na nagsisilbing "talinghaga ng bayan" kung saan ang kanilang katawan at puri ay kumakatawan sa soberanya at dangal ng bansa. Sa ganitong konteksto, ang dalaga ay hindi lamang indibidwal kundi isang institusyong panlipunan na dapat pangalagaan. Gayunpaman, mahalagang bigyang-diin na sa ilang akda, may mga pahiwatig ng pagtutol sa ganitong limitadong representasyon. Gaya ng nabanggit sa isang pag-aaral tungkol sa re-imahinasyon ng ina sa panitikan, may mga manunulat na kumikilala sa tradisyonal na papel ng babae ngunit hindi sumasang-ayon sa ganap na pagkakakulong nito sa domestikong espasyo. Ito ang nagiging daan tungo sa susunod na yugto ng semantikong ebolusyon.

*5.4 Ang Transisyon tungo sa Ahensiya at Komplikadong Representasyon (Panahong Transisyonal, 1980-2010)*

Sa panahong ito, makikita ang makabuluhang pagbabago sa representasyon ng kababaihan sa panitikan. Ang dating imahe ng dalaga bilang pasibo at naghihintay ay unti-unting napalitan ng mas aktibo at komplikadong paglalarawan ng pagkababae. Bagaman nananatili ang salitang dalaga, lumalawak ang semantikong kahulugan nito upang isama ang mga katangiang gaya ng kalayaan, determinasyon, at kakayahang magpasiya para sa sarili.

*5.5 Pagsusuri sa Leksikal at Semantikong Antas*

Sa nobelang "Bata, Bata… Pa'no Ka Ginawa?" ni Lualhati Bautista (1988), ang pangunahing tauhang si Lea

ay hindi na inilalarawan gamit ang tradisyonal ng mga panuring na nauugnay sa dalaga. Bagkus, siya ay "modernong babae," "solong ina," at "aktibista" mga katawagang nagpapakita ng kaniyang ahensiya at kakayahang kumilos sa labas ng tradisyonal na papel ng babae. Sa isang bahagi ng nobela, sinabi ni Lea:

> *"Hindi ako ang tipong babaeng maghihintay na may magmahal sa akin. Kaya kong magmahal nang hindi hinihintay na mahalin." (Bautista, 1988)*

Sa pahayag na ito, makikita ang semantikong paglilipat mula sa dalaga bilang "hinihintay" tungo sa babae bilang "kumikilos." Ang ganitong representasyon ay umaayon sa natuklasan ng isang pag-aaral tungkol sa re-imahinasyon ng ina sa panitikan, kung saan binigyang-diin na ang mga manunulat na tulad ni Bautista ay "hinahamon ang nangingibabaw na ideolohiyang maternal sa pamamagitan ng pag-representa sa mga kababaihan bilang mga inang mapag-aruga at mapagmahal tulad ng tipikal na imahe ng Pilipinong ina, ngunit hindi nasisiyahan sa pagkakakulong sa pribadong domestikong espasyo".

*5.6 Pagsusuri sa Sintaktikong Antas*

Kapansin-pansin ang pagbabago sa posisyon ng babaeng tauhan sa loob ng pangungusap. Sa mga naunang akda, ang babae ay madalas na nasa posisyong layon, tagatanggap ng kilos, pinag-uusapan, pinagpapasyahan. Sa mga akda ng transisyonal na panahon, ang babae ay nagiging paksa ng pangungusap siya ang gumagawa, nagpapasiya, kumikilos. Halimbawa, sa mga kuwento nina Fanny Garcia at Lilia Quindoza-Santiago, ang mga babaeng tauhan ay hindi lamang tumutugon sa mga pangyayari kundi aktibong lumilikha ng pagbabago sa kanilang paligid. Gaya ng binanggit ni Garcia (2012) sa kaniyang sanaysay tungkol sa pagbabalik ng babaylan sa panitikan ng kababaihan, ang kontemporaryong pagsulat ng kababaihan ay nagbabalik-tanaw sa sinaunang kapangyarihan ng babaylan bilang manggagamot, espirituwal na lider, at pinuno ng pamayanan upang muling bigyang-kahulugan ang papel ng babae sa kasalukuyang lipunan. Sa ganitong konteksto, ang semantikong ebolusyon ng dalaga ay hindi lamang pagbabago ng kahulugan kundi pagbabalik sa isang mas matandang tradisyon ng kapangyarihan ng babae na sinupil ng kolonyalismo at patriyarkal na sistema.

*5.7 Ang Paglitaw ng Marites bilang Kontemporaryong Diskurso ng Panlipunang Paghuhusga (Panahong Digital/Kasalukuyan, 2010-kasalukuyan)*

Sa kasalukuyang panahon, lumitaw ang isang bagong katawagan sa kababaihan. Marites. Hindi tulad ng dalaga na may malinaw na pinagmulang etimolohikal, ang Marites ay nagmula sa kulturang digital at social media. Ito ay hango sa pangalang "Marites" na naging representasyon ng babaeng mahilig makialam, magkalat ng tsismis, at mangingialam sa buhay ng iba.

*5.8 Pagsusuri sa Leksikal at Semantikong Antas*

Ang Marites ay may negatibong konotasyon na kaugnay ng usap-usapan, panghihimasok, at paninirang-puri. Sa mga kontemporaryong akdang pampanitikan na lumalabas sa online literary journals at social media, ginagamit ang katawagang ito upang ilarawan ang mga babaeng tauhang:

- Mahilig makialam sa buhay ng iba
- Nagpapakalat ng hindi beripikadong impormasyon
- Gumagamit ng tsismis bilang sandata laban sa kapwa babae

Sa isang maikling kuwentong nailathala sa isang online literary journal (2019), ganito inilarawan ang isang tauhan:

> *"Si Aling Nena ay tunay na Marites ng aming baryo. Wala siyang ibang ginawa kundi magmanman, makinig, at magkalat ng kung anu-anong kuwento tungkol sa kaniyang kapwa."*

Kung susuriin, ang Marites ay may istruktural na pagkakatulad sa matandang dalaga, kapwa silang mga katawagang nagtataglay ng negatibong konotasyon tungkol sa kababaihang hindi sumusunod sa inaasahang panlipunang papel. Gaya ng matandang dalaga na tumutukoy sa babaeng hindi nag-asawa at itinuturing na "palamang" sa lipunan, ang Marites naman ay tumutukoy sa babaeng may boses at opinyon na itinuturing na "pakialamera" at "tsismosa."

*5.9 Pagsusuri sa Diskursibong Antas*

Sa mas malawak na konteksto, ang paglitaw ng Marites ay nagpapakita ng kontemporaryong anyo ng panlipunang pagdidisiplina sa kababaihan. Sa panahong digital, ang babaeng nagsasalita, naglalabas ng opinyon, at nakikilahok sa pampublikong diskurso ay agad na binibigyan ng negatibong tatak Marites, epal, sosyal-media influencer na walang laman ang nilalaman. Gaya ng binanggit sa isang pag-aaral tungkol sa matandang dalaga, ang mga katawagan sa kababaihan ay madalas na nagdadala ng "panlipunang estigma" na nakakabit sa kanilang katayuan. Sa kaso ng Marites, ang estigmang ito ay hindi nakabatay sa katayuang sibil kundi sa antas ng partisipasyon sa pampublikong espasyo. Ang babae ay dapat lamang makita at marinig sa loob ng tahanan; sa sandaling lumabas siya at magpahayag sa publiko, siya ay nagiging Marites.

*5.10Pag-uugnay sa Empirikal na Datos*

Upang patunayan ang mga analitikong natuklasan, inilalahad ang mga sumusunod na empirikal na datos mula sa mga sinuring akda:

**Talahanayan 3**
*Semantikong Pagbabago ng mga Katawagan sa Iba't Ibang Panahon*

| Katawagan | Panahon | Denotasyon | Positibong Konotasyon | Negatibong Konotasyon | Konteksto ng Paggamit |
|---|---|---|---|---|---|
| Dalaga | Klasiko/Kolonyal | Babaeng nasa hustong gulang na walang asawa | Mahinhin, may puri, karapat-dapat | Walang asawa (kung lagpas sa edad), "pabuway" | Paglalarawan sa babaeng dapat pangalagaan, simbolo ng dangal ng pamilya |
| Babae | Transisyonal | Adultong babaeng tao | May ahensiya, malaya, moderno | Suwail, labis na mapagmalaya (kung lagpas sa hangganan) | Paglalarawan sa babaeng may sariling boses at desisyon |
| Marites | Digital/Kasalukuyan | Babaeng mahilig makialam at magkalat ng tsismis | Wala (dominanteng negatibo) | Pakialamera, tsismosa, mapanira | Paghusga sa babaeng nakikilahok sa pampublikong diskurso |

Ang talahanayan ay nagpapakita ng semantikong pagbabago ng mga katawagan para sa kababaihan sa iba't ibang panahon, mula sa klasiko hanggang sa ditigal na kasalukuyan.

**Talahanayan 4**
*Pahambing na Pagsusuri ng mga Katawagan*

| Kategorya | Dalaga (Klasiko) | Babae (Transisyonal) | Marites (Kontemporaryo) |
|---|---|---|---|
| Etimolohiya | Sanskrito (dārikā) | Malay/Indigenous | Ingles/Pangalang personal na ginawang karaniwang ngalan |
| Dominanteng Konotasyon | Positibo (puri, dangal) | Neutral/Positibo (ahensiya, kalayaan) | Negatibo (tsismis, panghihimasok) |
| Inaasahang Gampanin | Sa loob ng tahanan, tahimik, masunurin | Maaaring nasa loob o labas ng tahanan, may boses | Dapat manahimik sa publiko (kung hindi, tatawaging Marites) |
| Parusa sa Paglabas sa Inaasahan | Matandang dalaga, "palamang" | "Masyadong malaya," "babaeng bastos" | Marites, epal, pakialamera |

Ang talahanayan ay naglalarawan ng paghahanbing sa etimolohiya, konotasyon, gampanin, at parusa sa paglabas sa inaasahang papel ng kababaihan sa iba't ibang yugto ng kasaysayan

*5.11 Pagbuo ng Modelo: Ang Siklo ng Semantikong Pagdidisiplina sa Kababaihan*

Batay sa mga natuklasan, nabuo ang isang modelong nagpapakita ng siklo ng semantikong pagdidisiplina sa kababaihan sa panitikang Filipino.




https://copilot.microsoft.com/th/id/BCO.9e6f30e6-b21e-4a68-bfba-b69f3af9ffba.png

**Pigura 2** *Siklo ng Semantikong Pagdidisiplina sa Kababaihan*

Ang modelong ito ay nagpapakita na sa bawat panahon, may positibong katawagan para sa babaeng sumusunod sa inaasahang panlipunang papel (dalaga sa klasikong panahon, babae sa transisyonal na panahon), at may negatibong katawagan para sa babaeng lumalabas sa inaasahang ito (matandang dalaga sa klasiko, Marites sa kontemporaryo.

*5.12 Integrasyon sa naunang pananaliksik at teorya*

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay umaayon at nagpapalawak sa mga naunang pananaliksik tungkol sa wika, kasarian, at panitikan. Una, umaayon ito sa feminist stylistic analysis ni Mills (1995) na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagsusuri sa leksikal, sintaktik, at diskursibong antas ng wika upang maunawaan ang representasyon ng kasarian sa panitikan. Sa pamamagitan ng ganitong multi-level na pagsusuri, nailantad ang mga mekanismo ng pagdidisiplina sa kababaihan na nakapaloob sa mismong wika. Pangalawa, pinatutunayan ng pag-aaral ang obserbasyon ni Lakoff (1975) sa Language and Woman's Place tungkol sa kawalan ng simetriya sa mga katawagan sa kasarian. Gaya ng binanggit sa pag-aaral tungkol sa matandang dalaga, ang katumbas na salita para sa lalaki matandang binata o Soltero ay hindi nagdadala ng parehong negatibong konotasyon. Sa kaso ng Marites, wala pang lumilitaw na katumbas na negatibong katawagan para sa lalaking may katulad na ugali. Ang lalaking tsismoso ay hindi agad binibigyan ng negatibong tatak; siya ay “sociable” o “friendly” lamang.

Pangatlo, ang pag-aaral ay nag-aambag sa diskurso ng Araling Pilipino tungkol sa kolonyal at post-kolonyal na representasyon ng kababaihan. Gaya ng binanggit ni Gannaban (2011), ang mga pananaliksik sa panitikang Filipino ay nagpapakita na ang representasyon ng kababaihan ay hindi lamang usaping pampanitikan kundi repleksyon ng mas malawak na pakikibaka sa pagbubuo ng bansang Pilipino. Ang ebolusyon mula dalaga tungo Marites ay hindi lamang ebolusyon ng salita kundi ebolusyon ng panlipunang kamalayan mula sa kolonyal na pagtingin sa babae bilang simbolo ng puri ng bayan, tungo sa kontemporaryong pagtingin sa babae bilang boses na dapat kontrolin sa pampublikong espasyo. Pang-apat, ang paglitaw ng Marites ay maaaring tingnan bilang kontemporaryong anyo ng panunupil sa babaylan. Gaya ng binanggit ni Garcia (2012), ang babaylan ay may mahalagang papel sa sinaunang lipunan bilang manggagamot, espirituwal na lider, at pinuno ng pamayanan. Sa kolonisasyon, ang kapangyarihang ito ay sinupil at ang babae ay itinulak sa domestikong espasyo. Sa kontemporaryong panahon, ang babaeng nagtatangkang bumalik sa pampublikong espasyo—sa pamamagitan ng social media, pulitika, o aktibismo ay agad na binibigyan ng negatibong tatak. Ang Marites ay ang bagong babaylan

na dapat patalsikin sa kapangyarihan.

## 6. Konklusyon ng mga Natuklasan

Sa kabuuan, ipinakita ng pagsusuri na ang semantikong ebolusyon ng mga katawagan sa kababaihan mula dalaga hanggang Marites ay hindi lamang simpleng pagbabago ng kahulugan kundi repleksyon ng patuloy na pakikibaka sa representasyon at pagkontrol sa katawan, boses, at papel ng kababaihan sa lipunan.

1. Sa panahong klasiko/kolonyal, ang dalaga ay nagsilbing instrumento ng pagpapanatili sa babae sa loob ng tahanan at sa ilalim ng kontrol ng pamilya at patriyarkal na sistema. Ang paglabas sa inaasahang ito ay pinaparusahan sa pamamagitan ng katawagang matandang dalaga na may malalim na negatibong konotasyon.

2. Sa panahong transisyonal, lumitaw ang mas komplikadong representasyon ng kababaihan na may ahensiya at kakayahang magpasiya para sa sarili. Bagaman hindi ganap na nawala ang tradisyonal na representasyon, nagkaroon ng espasyo para sa alternatibong paglalarawan ng pagkababae.

3. Sa panahong digital/kasalukuyan, ang paglitaw ng Marites ay nagpapakita ng bagong anyo ng panlipunang pagdidisiplina. Sa panahong may access ang kababaihan sa pampublikong plataporma, ang kanilang boses ay kinokontrol sa pamamagitan ng negatibong tatak na nagpapatahimik at nagpapababa sa kanilang partisipasyon sa pampublikong diskurso.

Ang mga natuklasang ito ay nagpapatunay na ang wika ay hindi neutral. Ito ay lunan ng labanan, labanan para sa kahulugan, para sa representasyon, at para sa kapangyarihan. Sa pagbabago ng katawagan mula *dalaga* tungo *Marites*, makikita ang pagbabago ng anyo ng pang-aapi ngunit ang permanensiya ng layunin nito ay ang kontrolin ang babae, ang kaniyang katawan, at ang kaniyang boses.

***Implikasyong Pang-edukasyon at Kabuluhan ng mga Natuklasan -*** Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay may mahalagang implikasyong pang-edukasyon, partikular sa pagtuturo ng wika at panitikang Filipino bilang mga larangang may ideolohikal na dimension. Ipinapakita ng semantikong ebolusyon ng mga katawagang *dalaga at Marites* na ang wika ay hindi *neutral* kundi kasangkapan sa pagpapatibay at paghamon sa umiiral na ideolohiya sa kasarian. Dahil dito, mahalagang maisama sa pedagohiya ang kritikal at *gender-sensitive* na pagdulog, kung saan hinihikayat ang mga guro na gamitin ang mga tekstong pampanitikan at kontemporaryong diskurso bilang lunsaran ng pagsusuri sa mga *stereotype*, *bias,* at representasyon ng kababaihan. Sa ganitong paraan, nahuhubog ang kritikal na literasiya ng mga mag-aaral, na nagbibigay sa kanila ng kakayahang unawain at kwestyunin ang mga diskursong kanilang kinahaharap, lalo na sa konteksto ng *digital* na komunikasyon at *social media*.

Sa kabilang banda, ang pag-aaral ay nagtataglay ng mahalagang kabuluhan sa antas ng teoretikal, empirikal, at panlipunan. Teoretikal nitong pinapalawak ang aplikasyon ng *feminist stylistic* sa kontekstong Filipino, habang empirikal nitong pinupunan ang kakulangan ng sistematikong pagsusuri sa semantikong ebolusyon ng mga katawagan sa kababaihan. Para sa mga institusyong pang-edukasyon, nagsisilbi itong batayan sa pagbuo ng *gender-responsive* na kurikulum at mga programang nagtataguyod ng inklusibong paggamit ng wika. Higit sa lahat, ang pag-aaral ay nag-aambag sa mas malawak na diskurso hinggil sa ugnayan ng wika, kapangyarihan, at kasarian, at nagpapakita na ang edukasyon ay may mahalagang papel sa paglinang ng isang mas mapanuri, makatarungan, at inklusibong Lipunan.

**Pahayag sa Paggamit ng AI**. Gumamit ang mga may-akda ng kasangkapan sa pananaliksik gaya ng *Publish or Perish, Chat GPT at Copilot AI*, sa proseso ng pagsulat para sa ilang kaugnay na pag-aaral, sa pagpapahusay, pagkinis ng wika, at rebisyon sa gramatika. Hindi ginamit ang mga kasangkapang ito sa pagbuo ng konsepto o pangunahing nilalaman ng artikulo. Ang manuskrito ay itinuturing na orihinal na gawa ng mga may-akda, at ang ganap na pananagutan sa katumpkan at orihinalidad ng nilalaman.

### 7. Mga Sanggunian

Bautista, L. (1988). Bata, bata… pa'no ka ginawa? Carmelo & Bauermann.

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Capuyan, A., Dimapilis, J., & Santos, R. (2023). Wika at ideolohiya sa panitikang Filipino: Isang kritikal na pagsusuri sa representasyon ng kasarian. Daluyan: Journal ng Wikang Filipino, 29(1), 45–67.

Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (4th ed.). SAGE Publications.

Cruz, M. (2024). Kontemporaryong maikling kuwento at ang feministang diskurso sa Filipinas. Filipino Journal ng Humanidades at Agham Panlipunan, 12(2), 34–51.

Dela Cruz, F. Y. B. (2023). Siya nga ba'y gender neutral?: A preliminary linguistic analysis of the genderedness of Filipino. UP Working Papers in Linguistics, 2(1), 1–20. University of the Philippines Diliman. https://linguistics.upd.edu.ph/wp-content/uploads/2023/05/WPIL-Vol2-No1-Dela-Cruz.pdf

Eckert, P., & McConnell-Ginet, S. (2013). Language and gender (2nd ed.). Cambridge University Press.

Fairclough, N. (2013). Critical discourse analysis: The critical study of language (2nd ed.). Routledge.

Fagsao, M. L. (2019). Feministang pagbasa sa mga maikling kuwento ng Kabisayaan: Tungo sa pagbuo ng modelo ng pagsusuri sa Araling Pilipino. Malay, 31(2), 1–18.

Fraenkel, J. R., & Wallen, N. E. (2006). How to design and evaluate research in education (6th ed.). McGraw-Hill.

Gannaban, M. E. (2011). Isang dosenang pagdalumat-feminismo sa mga piling akda. Dalumat E-Journal, 2(2).

Garcia, F. A. (2012). Ang pagbabalik ng babaylan sa panitik-babae sa bungad ng ikatlong milenyo. In Surinaysay: Wika, panitikan, malikhaing pagsulat, feminismo, midya. C&E Publishing.

Goldberg, A. E., & Beemyn, G. (2021). The SAGE encyclopedia of trans studies. SAGE Publications. https://doi.org/10.4135/9781544393858

Joaquin, N. (2004). The summer solstice. In The woman who had two navels and other stories (pp. 125–145). Anvil Publishing. (Original work published 1947)

KhosraviNik, M., & Unger, J. W. (2016). Critical discourse studies and social media. Critical Discourse Studies, 13(1), 1–6. https://doi.org/10.1080/17405904.2015.1118431

Lakoff, R. (1975). Language and woman's place. Harper & Row.

Lao, C. V. (2024). Hysterical femininity in Nick Joaquin's The woman who had two navels. International Journal of Humanity Studies, 8(1), 13–25. https://doi.org/10.24071/ijhs.v8i1.5753

Mangarin, M. C. R., & Bungabong, R. A. (2024). Semantikong pagbabago ng mga katawagan sa kababaihan sa kontekstong Filipino. Filipino Journal ng Humanidades at Agham Panlipunan, 12(1), 88–105.

Mills, S. (1995). Language and Gender: Interdisciplinary Perspectives (1st ed.). Routledge. https://doi.org/10.4324/9781315843810

Monteza, A. M. M., & Miralles, T. G. (2023). WOMEN THROUGH TIMES: A SOCIO-STYLISTIC COGNITION ON THE PHYLOGENESIS OF WOMEN'S REPRESENTATION IN THE SOCIETY THROUGH COMMUNICATION STYLE. European Journal of Literature Language and Linguistics Studies, 7(2). https://doi.org/10.46827/ejlll.v7i2.447

Negado, A. (1998). Ang babae sa panitikan: Isang feministang pagbasa sa mga piling maikling kuwento sa Filipino. University of the Philippines Press.

Roces, M. (2012). Women's movements and the Filipina, 1986–2008. University of Hawai'i Press.

Solanon, R., Garcia, L., & Fernandez, M. (2024). Representasyon ng kababaihan sa kontemporaryong panitikang Filipino: Tungo sa pagbuo ng gender-sensitive na pagbasa. Malay, 36(1), 78–95.

Sunderland, J. (2004). Gendered discourses. Palgrave Macmillan.

Texts and Practices revisited: Essential Readings in Critical Discourse analysis. (n.d.). Routledge & CRC Press. https://www.routledge.com/Texts-and-Practices-Revisited-Essential-Readings-in-Critical-Discourse-Analysis/Caldas-Coulthard-Coulthard/p/book/9781032225111?utm_source=chatgpt.com

Topacio, K. N. (2022). Ang panitikan bilang espasyo ng dominasyon at resistensiya: Representasyon ng

kababaihan sa kontemporaryong maikling kuwento. Kritike, 16(1), 112–130.
Women's Movements and the Filipina: 1986–2008. (2026, March 23). UH Press. https://uhpress.hawaii.edu/title/womens-movements-and-the-filipina-1986-2008/
Woolard, K. A., & Schieffelin, B. B. (1994). Language ideology. *Annual Review of Anthropology*, *23*(1), 55–82. https://doi.org/10.1146/annurev.an.23.100194.000415